ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LI Blg. 5
Marso 7, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19

Mabilis na lumalaganap ang Covid-19. Ang bagong tipong ito ng *coronavirus* ay umapekto na sa mahigit 100,000 at pumatay ng mahigit 3,400 mula nang lumitaw tatlong buwan na ang nakararaan sa mahigit 80 bansa. Mayroong tunay na banta ng epidemyang Covid-19 sa Pilipinas, kung saan anim na kaso na ang kumpirmadong kaso kapwa sa mga Pilipino at dayuhan, at may isa nang namatay hanggang noong Marso 6.

Bulnerable ang bayan sa mga epidemya dahil sa kalunus-lunos na kalagayan ng pampublikong kalusugan at sa pangkabuuang panlipunang kalagayan. Pinakadelikadong magka-epidemya sa hanay ng masang anakpawis, laluna sa hanay ng mga manggagawa at mala-proletaryado. Maaari itong kumalat nang mabilis sa daan-daanlibong namumuhay sa siksikang mga barung-barong. Kapos sila sa malinis na tubig at hindi halos naaabot ng pampublikong mga serbisyo tulad ng sanitasyon, pagkolekta ng basura at marami pang iba. May banta ring mabilis na kumalat sa hanay ng mga manggagawa sa loob ng mga pabrikang kadalasa'y di maayos ang kundisyon sa pagtatrabaho.

Halos walang ginawa ang rehimeng Duterte upang tugunan ang banta ng epidemyang Covid-19 sa pambansang saklaw. Malawakan itong tinuligsa dahil sa naantalang pagtugon, partikular, sa pagkakwarintina at iba pang hakbang para

*"Kolektibong...," sundan sa pahina 2*

## Tropa ng 94th IB, inambus ng BHB

INAMBUS NG ISANG yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Negros (Leonardo Panaligan Command) ang mga elemento ng 94th IB sa Sityo Compound, Barangay Luz, Guihulngan City noong umaga ng Marso 3. Kumbinasyon ng pasabog at bala ng riple ang ginamit ng mga Pulang mandirigma sa opensiba. Dalawa ang patay at apat na sundalo ang sugatan sa naturang pananambang, kabilang ang kumander ng yunit na si 2Lt. Niel Christian Cureg.

**Occidental Mindoro**. Inambus ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang mga nag-ooperasyong tropa ng 4th IB at PNP sa Sityo Ibanig, Barangay Monteclaro, San Jose noong hapon ng Pebrero 19. Apat ang naiulat na sugatan sa mga sundalo.

Isang sundalo naman ang

*"Tropa...," sundan sa pahina 3*

*"Kolektibong...," mula sa pahina 1*

bawasan ang interaksyon ng bansa sa China at iba pang bansa.

Sa halip, naging abala ang rehimen sa paglikha ng engrandeng kampanyang publisidad hinggil sa Covid-19. Bigo itong magsagawa ng kongkretong mga hakbang upang tulungan ang mamamayan para pigilan ang pagkalat ng sakit. Walang mga batayang hakbang tulad ng libre at malaganap na pamamahagi ng mga *face mask* at mga gamit pangkalinisan, at pagsasagawa ng malawakang mga kampanyang sanitasyon. Hinayaan nito ang mamamayan na mag-asikaso sa kanilang mga sarili, na karamiha'y abala sa pagtitiyak ng pagkain at batayang mga pangangailangan, at walang anumang proteksyon para iligtas ang kanilang mga sarili sa sakit.

Ang utos sa PhilHealth na magbigay sa mga benepisyaryo ng kakarampot na P30,000 para sa pagpapagamot sa Covid-19 ay naglalantad lamang ng mga limitasyon nito at kung paano ito nagsisilbi sa mga pribadong ospital na nakatuon lamang sa ganansya. Sa gitna ng banta ng Covid-19, kriminal na pagpapabaya ang pagpaliit ng rehimen sa badyet para sa pananaliksik sa mga kumakalat na sakit. Kulang na kulang ang pondo para sa mga *test kit* upang mabilis na malaman kung nahawaan ng sakit. Ang hungkag na mga pagtitiyak ni Duterte ay bigong ibsan ang takot ng mamamayan.

Palagiang isinasaalang-alang ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang kapakanan ng mamamayan, kabilang ang pampublikong kalusugan. Saan man nakatayo, ang demokratikong gubyernong bayan ay nagsasagawa ng mga kampanya sa kalusugan at nagbibigay ng libreng mga serbisyong medikal. Nagtatayo ito ng mga komite sa kalusugan sa antas-baryo pataas, upang tugunan ang mga usapin sa kalusugan ng mamamayan sa kani-kanilang mga erya at saklaw.

Kung gayon, kaisa ang Partido sa pagnanais ng mamamayang Pilipino na pangibabawan ang banta ng epidemyang Covid-19. Kaisa rin nila ang Partido sa pagbatikos at pagtuligsa sa kainutilan ng rehimeng Duterte at kawalan nito ng kongkreto at wastong mga hakbang upang harapin ang epidemya.

Nananawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino na mag-organisa at kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19. Hinihikayat ng Partido ang mga organisasyong masa na magtayo ng libu-libong mga komiteng pangkalusugan sa mga komunidad at pabrika upang magplano ng mga kongkretong hakbang sa kolektibong paglaban sa Covid-19.

Maliban sa paglulunsad ng mga kampanyang edukasyon, maaaring mobilisahin ng mga komiteng ito ang libu-libong mamamayan na magsagawa ng mga kampanyang sanitasyon sa mga komunidad at pabrika, gayundin sa mga paaralan at upisina. Dapat ding ilahad ng mga komiteng ito ang sentimyento ng mamamayan sa gitna ng banta ng epidemya at ng kainutilan ng rehimeng Duterte. Maaaring tumulong sila sa paggiit ng mga praktikal na hakbang sa mga pabrika (tulad ng libreng pamamahagi ng mga gamit medikal at pangkalinisan sa mga manggagawa) at mga komunidad (paggiit ng koleksyon ng basura, akses sa malinis na tubig, libreng pamamahagi ng mga paketeng pangkalusugan, at mga sistemang pangsanitasyon). Bagamat sa mga syudad ang unang banta ng mabilis na pagkalat ng sakit, dapat ding maghanda ang masang magsasaka at kanilang mga organisasyon sa malawak na kanayunan. Doo'y gipit ang kalagayang pangkalusugan, kung saan malalayo ang ospital at walang sapat na serbisyong medikal sa kanilang mga komunidad.

Pinupuri ng Partido ang mga

*"Kolektibong...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 5 | Marso 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19 | 1 |
| Tropa ng 94th IB, inambus ng BHB | 1 |
| Ano ang Covid-19? | 3 |
| Kapabayaan ng rehimen sa Taal | 4 |
| Pagsasanay-militar ng US at Pilipinas | 5 |
| FQS bilang rebolusyong pangkultura | 6 |
| Panlilinlang at pamiminsala ng mina | 7 |
| ATB: Dagdag sa arsenal ni Duterte | 8 |
| Tagumpay ng HCPI | 9 |
| Patuloy na atake sa mga katutubo | 9 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Kolektibong...," mula sa pahina 2

nars, duktor at propesyunal sa kalusugan na silang nasa unahan ng paglaban sa Covid-19. Nanawagan sa kanila ang Partido na palakasin ang kanilang demokratiko at makamasang mga organisasyon. Kaisa ang mga organisasyong pangmasa at mga komiteng medikal, dapat nilang igiit ang dagdag na badyet sa pampublikong kalusugan, laluna sa harap ng kasalukuyang banta ng epidemya.

Ang pagdaragdag ng alokasyon para sa pampublikong kalusugan ay makatutulong sa pagtiyak ng pondo kapwa para sa pagtataas ng sweldo, pagpapaunlad ng mga pasilidad medikal at syentipikong pananaliksik. Dapat nilang labanan ang patakaran ng estado na suporta sa serbisyo-para-sa-ganansya at turismong medikal. Dapat nilang igiit ang pagpapalakas ng mga pampublikong ospital at itigil ang patakarang komersyalisasyon na sumesentro sa pagkamal ng tubo.

Pumatong ang banta ng epidemyang Covid-19 sa malubhang kundisyon ng pampublikong kalusugan ng mamamayang Pilipino. Mayroong malubhang problema ng epidemyang *dengue, tuberculosis* at iba pang kontrolado at nagagamot nang mga sakit na humahawa sa libu-libo at pumapatay ng maraming Pilipino taun-taon. Ito ang kinahinatnan ng kalunus-lunos na panlipunang mga kalagayan at pagpapabaya ng estado sa kalusugan ng mamamayan.

Hindi kailanman mabibigyan ng prayoridad ang pampublikong kalusugan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Tanging ang isang rebolusyong panlipunan—isang pambansa-demokratikong rebolusyon—-ang babaliktad sa kasalukuyang mga kalagayan, at maglalagay sa pampublikong kalusugan at kapakanan ng mamamayan sa tuktok ng mga prayoridad ng estado. AB

"Tropa...," mula sa pahina 1

malubhang nasugatan sa isang operasyong isnayp ng BHB-Mindoro sa Sitio Balingaso, Barangay Monteclaro, San Jose noong hapon ng Pebrero 20.


Ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro, ang mga aksyong ito ay tugon sa hinaing ng mga biktima ng mga paglabag at krimen ng pasistang 203rd Brigade sa mga Mindoreño. Kabilang dito ang pagpaslang sa dalawang sibilyan na sina Jay-ar Mercado at Mark Ederson Valencia de los Santos noong Enero.

**Northern Samar**. Pito ang kumpirmadong patay sa nag-oooperasyong mga sundalo ng 20th IB sa ngalan ng Retooled Community Support Program (RCSP) matapos ang sunud-sunod na aksyong militar ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) noong Pebrero 17-25.

Hinaras ng BHB ang tropa ng 20th IB na nakahimpil sa Plaza ng Barangay Rizal, Gamay noong gabi ng Pebrero 17. Dalawang sundalo ang napatay matapos ang tatlong-minutong palitan ng putok. Kinabukasan, napatay din ang isa pang sundalo sa operasyong isnayp ng BHB.

Tatlong sundalo naman ang napatay sa aksyong militar ng BHB noong Pebrero 24 sa parehong barangay. Noong Pebrero 25, isang sundalo ang napatay sa inilunsad na operasyong isnayp ng BHB sa Barangay San Jose, Mapanas. AB

## Ano ang Covid-19?



ANG CORONAVIRUS DISEASE (Covid-19) ay isang nakahahawang sakit na sanhi ng *coronavirus* (CoV). Ang CoV ay isang klase ng *virus* na nagdudulot ng mga sakit mula sa sipon at pulmonya hanggang sa mas malalalang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome at Severe Acute respiratory Syndrome o SARS. Ang tipo ng *virus* na nagdudulot ng Covid-19 ay naipasa mula sa mga hayop tungo sa mga tao.

Unang itong lumitaw sa Wuhan, China at iniulat sa World Health Organization noong Disyembre 31, 2019. Wala pang natutuklasang gamot laban dito sa kabila ng mabilis na paglaganap nito sa buong mundo.

Ang mga komun na sintomas ng Covid-19 ay lagnat, ubo at pagkahirap sa paghinga. Sa mas malalalang kaso, maaari itong magdulot ng pulmonya, sakit sa bato, at maging kamatayan. Gayunpaman, may mga pasyenteng positibo sa sakit pero hindi nagpapakita ng anumang sintomas. Nasasagap ang sakit sa mga talsik ng laway mula sa pagsasalita, pagbahing o pag-ubo ng isang taong may Covid-19. Maaaring nasa katawan na ito nang 2-14 araw bago lumitaw ang mga sintomas.

Para makaiwas sa sakit, mahigpit na rekomendasyon ng mga duktor ang malimit na paghuhugas ng kamay, pagmantine ng sapat na distansya sa ibang tao, pagtatakip ng bibig sa pag-ubo at pagbahing, at maayos na pagluluto ng pagkain. Ang sinumang maysakit ay pinapayuhang manatili sa kanilang bahay at umiwas na makisalamuha sa ibang tao. AB

# Kapabayaan ng rehimeng US-Duterte sa pagtugon sa pagsabog ng bulkang Taal

Simula Enero 12, tuluy-tuloy ang pagsabog at pagbuga ng nakalalasong usok ng bulkang Taal na nakapagpalikas sa tinatayang milyong residente ng Batangas. Hanggang ngayon, hindi pa nakababalik ang mga nagbakwit sa mga *evacuation center* at mga tahanan ng kaibigan at kamag-anak sa mga karatig-prubinsya. Umabot sa P3 bilyong piso ang halaga ng pinsala sa agrikultura, karamihan sa subsektor ng pangisdaan. Sa harap ng mga trahedyang ito, nagtuturuan ang mga ahensya ng gubyernong Duterte sa mapagbubuntunan ng sisi.


Pinalalala ng kapabayaan at kainutilan ng rehimen ang kalagayan ng mamamayang apektado ng pagsabog ng bulkang Taal at iba pang sakunang dumaan sa bansa. Walang matinong plano ang rehimen para paghandaan ang pagtama ng mga kalamidad at harapin ang taunang problema ng pagsalanta ng mga bagyo, lindol at maging ng tagtuyot sa bansa na kumikitil sa libu-libong buhay at pumipinsala sa milyon-pisong halagang ari-arian at kabuhayan ng mamamayan. Kitang-kita ito sa mabagal, kapos at disorganisadong tugon ng kanyang gubyerno sa pagsabog ng bulkang Taal.

**Kapabayaan at korapsyon**

Walong buwan bago ang pagsabog, iniulat na ng Philippine Vulcanology and Seismology (Philvocs) sa rehimeng Duterte ang nakaambang pagsabog ng bulkang Taal. Subalit sa kabila nito, hindi agad itinaas ng rehimen ang alerto sa mga karatig nitong lugar. Kung anu-anong palusot ang ginawa ng rehimen para mangatwiran sa mabagal na pag-abiso sa mamamayan.

Sa unang araw ng pag-alburuto ng bulkan, hindi agad nag-abiso ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) at lokal nitong mga ahensya sa mga residenteng naninirahan sa paligid ng Lawa ng Taal. Walang kautusang palikasin ang mga residente kaya kusa silang nagsilikas at nagkanya-kanya sa paghahanap ng lugar para isalba ang kanilang buhay.

Makupad at disorganisado ang pagtugon ng rehimeng Duterte sa pangangailangan ng mamamayang nagbakwit. Kulang na kulang ang serbisyong sosyal at pondo para sa mga apektado. Sa unang linggo ng sakuna, umabot lamang sa P17.2 milyon ang pondong inilaan sa 16,000 pamilyang nasa 300 *evacuation center*. Katumbas ito ng P35 kada indibidwal para sa pitong araw. Hindi pa kabilang dito ang daanlibong mamamayang nakitira sa kanilang mga kamag-anak at kaibigan. Nangalap na lamang ang rehimen ng karagdagang pondo mula sa mga pribadong institusyon. Dagdag pa, may mga naiulat na hindi pantay na distribusyon ng pagkain at ibang gamit dahil kulang o walang datos sa kalagayan ng mga *evacuation center*.



Hindi rin madagdagan ng rehimen ang pondong pangkalamidad para sa Batangas dahil nauna na itong binawasan sa pambansang badyet para sa 2020.

**Sabwatan sa pagsasamantala**

Walang kahihiyang sinagpang ng mga burukrata ang napakahirap na kalagayan ng mamamayan para mangampanya sa susunod na eleksyon. Naglipana ang mga burukrata sa Batangas upang kunwa'y magbigay ng tulong pero ang totoo'y nagpabango lamang sa mga botante.

Kinundena ng mamamayang apektado ng pagsabog ng Taal ang pakana ng rehimen na magpautang sa mga bakwit. Balak pa nitong pagkakitaan ang paghihirap ng mga Batangueño. Masahol pa, sadya nitong pinagpapaliban ang pagpapabalik sa mga apektadong residente para unti-unting papasukin ang mga dayuhan at lokal na negosyo sa kanilang mga lupain.

Malaon nang isinusulong ng reaksyunaryong gubyerno ang Metro Taal-Tagaytay Development Project (MTTDP-2013) na binuo noon pang dekada 1990. Labinlimang target na proyekto sa paligid ng lawa ang nakaambang ipatupad kapag tuluyan nang mapalayas ang mga residente sa lugar.

Maagang yugto pa lamang ng MTTDP-2013, madugong dinemolis ng mga pulis at bayarang maton ang mga bahay, sakahan at pangisdaan ng mga magsasaka at mangingisdang nakatira sa palibot ng lawa. Matatandaang pinagbawalan ng rehimeng US-Duterte ang mga residente sa palibot ng bulkan na bumalik para isalba ang kanilang mga ari-arian at kabuhayan. Kabaliktaran nito, pina-

*"Kapabayaan...," sundan sa pahina 5*

# Mga pagsasanay-militar ng US at Pilipinas, tuloy sa kabila ng pagpapawalambisa sa VFA

Tuluy-tuloy ang pagsasagawa ng mga pinagsanib na mga pagsasanay-militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Sa kabila ito ng pormal na deklarasyon ng rehimen ni Rodrigo Duterte ng pagpapawalambisa ng Visiting Forces Agreement o VFA noong Pebrero 11. Ito ay dahil sa Hunyo pa mawawalan ng bisa ang kasunduan o 180 araw matapos ang pormal na anunsyo. Ito din ay kung sakaling walang ipapasang bago o pinasadahang kasunduang panghalili ang senado. Ang VFA ang kasunduang nagpapahintulot sa mga sundalong Amerikano na walang sagkang maglabas-masok anumang oras saan mang bahagi ng bansa.

Sa darating na Mayo, gaganapin ang taunang Balikatan na lalahukan ng 6,529 tropa ng US, 4,302 Pilipinong sundalo at 44 sundalong Australian. Ang pagsasanay na ito, na lalahukan ng tinatayang 11,000 ang pinakamalaki sa kasaysayan ng VFA mula nang pinagtibay ito noong 1999. Isa ang Balikatan sa 319 pinagsanib na pagsasanay-militar na nakatakdang ganapin ngayong 2020. Mas marami ito kumpara sa 281 na ginanap noong 2019.

Noong Enero 26-Pebrero 23, ginanap ang Balance Piston-20-1, isang pagsasanay na nilahukan ng US Army 1st Special Forces Group at ng 18th Special Forces Company ng Philippine Army. Tutok ng naturang pagsasanay ang pagpapaunlad ng mga taktikang "kontra-insurhensiya" ng AFP. Binigyang diin nito paggamit ng mga programang serbisyo para sa mga operasyong militar at pagkuha sa suporta ng mga lokal na komunidad. Noon ding Pebrero, inilunsad ang Bilateral Air Contingent Exchange–Philippines sa Clark Air Base sa Pampanga at San Fernando Air Base sa Batangas. Ang taunang pagsasanay ay isinasagawa ng mga hukbong panghimpapawid ng dalawang bansa.

Ginagamit ng US ang Balikatan at iba pang pagsasanay-militar para direktang makalahok ang mga tropa ng US sa mga operasyong militar sa loob ng bansa. Sa tabing ng "interoperability," tinitiyak nitong mananatili sa kontrol ng US ang buong makinarya ng AFP. AB

---

*"Kapabayaan...," mula sa pahina 4*

hintulutan ng rehimen ang pagbubukas ng Tagaytay City para sa mga negosyante at turista na nais masaksihan ang pagsabog ng bulkan.

Ginamit din ng imperyalismong US ang pagsabog ng bulkan para mailusot ang pinagsanib na pagsasanay-militar sa pagitan ng mga hukbong panghimpapawid ng US at Pilipinas sa San Fernando Air Base sa Lipa City sa tabing ng pagbibigay ng makataong ayuda.

**Pagpupursige at pagsisikap ng sambayanan**

Buhay na buhay ang kultura ng bayanihan, pagtutulungan at pagkakaisa ng sambayanang Pilipino sa harap ng kapalpakan ng rehimeng Duterte na tugunan ang pangangailangan ng mamamayan ng Batangas. Isa sa agad na rumesponde ang Serve the People Corps-Southern Tagalog (STPC-ST). Nakipagtulungan ito sa iba't ibang organisasyon para sa pangangalap ng mga donasyon, paglulunsad ng mga *relief operations* at pagkuha ng datos sa mga biktima ng sakuna.

Mula sa kanilang pagnanaliksik, iniulat ng STPC-ST na ang tunay na kailangan ng taumbayan ay isang komprehensibong programa at plano para sa paghahanda sa mga kalamidad na tumutugon sa pangmatagalang pangangailangan ng mamamayan. Hindi sasapat ang simpleng mga *relief operation*, lalo't kailangan pa rin ng mga apektadong mamamayan ng kabuhayan upang makabangon.

Salungat sa diwa ng bayanihan, nagmamatigas ang rehimeng US-Duterte na makipagkaisa at makipagtulungan sa mga itinuturing nitong kalaban sa pulitika. Mas inuuna ng rehimen ang pakikipaggirian sa kapwa burukrata para mamulitika. Ang mga progresibong organisasyon na kumilos para tumulong sa mga biktima ng pagsabog ng Taal ay tahasang pinagbawalan at binalaan ng mga sundalo at pulis, at mga tauhan ng lokal na gubyerno. Hinarang at kinumpiska ng mga sundalo ang dalang pagkain at iba pang gamit pantulong na dala ng United Methodist Church para sila ang mamahagi. Imbes na tulungan ang mga biktima ng sakuna, nagpatuloy ang paglulunsad ng mga operasyong militar at pulis sa mga larangang gerilya upang sagpangin ang pagkakataong nakatuon ang mga rebolusyonaryo sa pagbibigay ng ayuda at serbisyo sa mga apektado ng sakuna.

Samantala, lagi't laging itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang kapakanan at kagalingan ng masang Pilipino bilang tungkulin nito na unahin ang interes ng mamamayan. Mayroong nakabalangkas na mga plano't programa ang rebolusyonaryong kilusan upang lutasin at tugunan ang mga hinaing at kahilingan ng masa sang-ayon sa Programa Para sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon at 12-Puntong Programa ng rebolusyonaryong gubyernong bayan. Ang pagtulong at pagtugon sa mamamayang apektado o biktima ng kalamidad ay bahagi ng programang ito. Katuwang ang mga yunit ng hukbong bayan at lokal na gubyernong bayan, isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan ang iba't ibang anyo ng pagsagip at pagstulong sa mamamayang biktima ng sakuna. AB

# Ang FQS bilang rebolusyong pangkultura

Noong 1970, 50 taon na ang nakakaraan, isang sigwa ang naranasan sa Pilipinas na kakaiba sa lahat ng bagyong dumaan sa nakaraan. Ito ay nakilala sa katawagang FQS o First Quarter Storm (Sigwa ng Unang Kwarto).

Ang FQS ay serye ng mga kilos-protesta ng kabataa't estudyante, manggagawa, magsasaka, maralita sa lunsod at nayon, at iba pang sektor ng sambayanan. Ang puntirya nila, bilang personipikasyon ng anti-mamamayang sistemang panlipunan, ay ang rehimeng US-Marcos. Ang bumulwak na kilusan ay resulta ng masikhay na pag-oorganisa at pagmumulat ng nagdaang dekada sa mga unibersidad at kolehiyo, komunidad at mga unyon, at tinampukan ng mga organisasyong Student Cultural Association of the University of the Philippines, Kabataang Makabayan, Samahang Demokratiko ng Kabataan, at iba pa.

Sa unang tatlong buwan ng 1970, nasaksihan sa Kamaynilaan at sa iba pang lunsod at sentrong bayan ang mapangahas na mga rali, boykot, welga, martsang bayan, at kongresong bayan. Pangunahin sa mga ito ang dambuhalang demonstrasyon noong Enero 26, 1970 sa harap ng Kongreso (na ngayon ay National Museum of Fine Arts). Taliwas sa State of the Nation Address ni Marcos, inihayag nila ang tunay na kalagayan ng bayan at ipinamalas ang galit sa rehimen. Daan-daan ang nasaktan sa brutal na pananalakay ng mga pulis sa mga raliyista.

Kinundena ng mga aktibista ang pasismo ng estado, isang isyung dumagdag sa iginigiit nilang tatlong batayang suliranin ng sambayanan–ang imperyalismong US, katutubong pyudalismo, at burukratang kapitalismo. Lalong naging malinaw sa kanila, at sa paparaming bilang ng mamamayan, ang katumpakan ng armadong rebolusyon na siyang babaklas sa lumang sistema upang maitayo ang bago.




Ang katunayan, naging inspirasyon ng mga kabataan at estudyante ang muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968 at Bagong Hukbong Bayan noong 1969.

Noong Enero 30, 1970, sa harap mismo ng Malakanyang, dumagsa ang lalong maraming demonstrador. Iginiit nila ang katumpakan ng paghihimagsik laban sa sistemang malakolonyal at malapyudal. Sinalakay sila ng Metropolitan Command ng pulisya at Armed Forces of the Philippines, kabilang ang Task Force Lawin nito. Sa hindi patas na labanang naganap sa Mendiola, University Belt, Quiapo, at mga kalapit na komunidad, na tumagal hanggang madaling araw ng Enero 31, apat na kabataang estudyante ang napaslang sa pamamaril ng mga pasista. Hindi mabilang ang sugatan.

Sa halip na umatras at sumuko, lalong tumaginting ang "Makibaka, huwag matakot!" sa mga paaralan, lansangan at plasa. Nagkasunud-sunod na nga ang mga kilos-protesta, at ibayong pag-oorganisa, at ibayong pagmumulat. At ang taumbayang sa simula ay namangha sa pambihirang kaganapan, ay nakiisa sa iba't ibang paraan.

Rebolusyon ang FQS. Isa itong rebolusyong pangkultura na naglantad sa kahungkagan ng mga kaisipan at paniniwalang kolonyal at pyudal. Ang mga ito'y daantaon nang nakakubabaw sa kamalayan ng taumbayan. Binaklas ng FQS ang kaugaliang atrasado at palasuko. Ang mga ito'y sinasamantala ng mga naghaharing uri upang alipinin ang masang anakpawis at iba pa. Inilatag ng FQS ang rebolusyonaryong paninindigan na ang masa ang tagapaglikha ng kasaysayan; na sa kanilang kamay nakasalalay ang tunay na kalayaan at kasaganahan; na rebolusyon, hindi repormismo, ang lunas sa problema ng lipunan at sa pagkakamit ng kapangyarihang pampulitika ng mga uring anakpawis.

Namulaklak at yumabong sa FQS ang pagiging mapanlikha ng sambayanan. Ang mga aktibistang nahikayat na linangin ang kanilang potensyal at talino ay lumikha ng iba't ibang anyo ng sining na naglalaman ng mensahe ng pakikibaka ng sambayanan.

Iniluwal ng FQS ang mga pangkulturang organisasyong Panday-Sining, Gintong Silahis, Samahang Kamanyang, Tanghalang Bayan, Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto, Siningbayan, Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan, at Humanist League of the Philippines. Nagbuklod sila sa Konsehong Tagapag-ugnay ng Rebolusyonaryong Sining. Sa mga prubinsya at rehiyon, nabuo rin ang iba't ibang organisasyong pangkultura.

Sa kabila ng batas militar noong 1972, sumulong ang rebolusyonaryong kilusan sa kultura, laluna sa pagsanib ng mga kadre at artista ng FQS sa kilusang lihim at sa pagtungo sa kanayunan. Pinaunlad nila sa digmang bayan ang rebolusyonaryong sining at panitikan.

Sa madaling sabi, iniluwal ng FQS ang isang hukbo ng mga artista at manunulat na armado ng dulaan, sining-biswal, musika, panitikan, at sayaw na nagpapatuloy sa pagpapalaya ng bayan. AB

# Panlilinlang at pamiminsala sa ngalan ng mina

Noong nakaraang Enero, nabunyag na ginawaran ng rehimeng US-Duterte ng 25-taong Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) ang Tampakan Copper-Gold Project na nakatakdang mapaso sa Marso 21, 2020. Taliwas sa bukambibig ni Duterte laban sa mapaminsalang mina, pinalawig pa niya ang operasyon nito nang 12 taon, o hanggang Marso 21, 2032.

Mahigit dalawang dekada nang nilalabanan ng mamamayan ng timog-sentral Mindanao ang mapaminsalang operasyon ng Tampakan Copper-Gold Project sa mga hangganan ng South Cotabato, Davao del Sur, Sultan Kudarat at Sarangani. Malinaw sa kanila ang mga panganib na idudulot nito sa kalikasan at sosyo-ekonomikong pamumuhay ng mga komunidad sa paligid ng mina at sa buong isla.

Nilalaman ng nasabing mina ang pinakamalaking deposito ng ginto sa buong timog-silangang Asia. Tinataya ring isa sa pinakamalaking reserba ng tanso sa buong mundo ang matatagpuan dito. Kalakhan ng depositong mineral nito ay matatagpuan sa mga barangay ng Pulabato, Danlag at Tablu sa bayan ng Tampakan subalit sasaklawin din ng proyekto ang mga barangay ng Kimlawis sa Kiblawan, Davao del Sur at Datal Blao sa Columbio, Sultan Kudarat.

Sa ilang pagkakataon ay nagtagumpay ang ligal at armadong paglaban ng mamamayan na mapatigil ang proyekto at mapaatras ang mga higanteng multinasyunal na namuhunan dito. Subalit simula noong huling kwarto ng 2018 ay muling ipinagpatuloy ang operasyon nito pagkaraan ng mahigit apat na taong pagkakahinto.

**Mapanlinlang na kasunduan at huwad na mga proseso**


Taong 2016 unang nagpetisyon ang SMI para sa 12-taong pagpapalawig ng FTAA nito. Katumbas umano ito ng tagal ng panahon na nawala dahil sa mga insidente o kalagayang wala sa kontrol nito. Kabilang sa mga tinukoy ng Sagittarius Mines Inc. (SMI) ay ang mga ligal na harang na hinarap ng proyekto, ang pagbabawal sa *open-pit* na pagmimina, ang pagpapalabas ng mga CLOA (Certificate of Land Ownership Award), mga armado at di-armadong paglaban ng mga residente at pagkakaantala sa mga proseso ng gubyerno.

Lihim na pinagkaloob ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) ang ekstensyon sa pamamagitan ng atas na inilabas nito noong Hunyo 8, 2016 .

Bukod sa ekstensyon na magtatapos sa 2032 ay ipinahintulot din ang pagpapanibago ng kontrata para sa karagdagang 25 taon. Sa gayon, tatagal hanggang 2057 ang operasyon ng mina sa Tampakan.

Nakatakdang tapusin ng SMI ang konstruksyon ng mga imprastruktura at pasilidad nito sa loob ng tatlong taon para sa pag-uumpisa ng komersyal na produksyon ng mina. Kasalukuyang hinihiling ng kumpanya ang muling pagsasabuhay ng *environmental compliance certificate* (ECC) nito na kinansela noong 2017.

Ibinunyag ng mga apektadong residente na walang naisagawang konsultasyon sa kanilang mga komunidad tungkol sa pagpanumbalik ng operasyon ng mina at patuloy na inililihim sa kanila ang mga operasyon ng kumpanya.




**Ang pamiminsala at nakaambang mga panganib**

Ayon sa mga pag-aaral, tinatawid ng maraming *fault line* (bitak sa lupa) ang buong minahan at ang bulko ng depositong mineral nito ay nasa loob ng Cotabato Fault Zone. Isa itong nagbabantang *strike-slip fault* (patindig na bitak ng lupa na pahalang ang galaw ng mga tipak) na napakapeligroso para sa itatayong mga pasilidad ng mina tulad ng *tailings pond dam*. Ang *tailings pond* ay tapunan ng mga nakapipinsalang mga tirang bagay pagkatapos ihiwalay ang mahahalagang mineral mula sa mga *ore*. Isa itong napakamaselan at napakamapanganib na pasilidad dahil naglalaman ito ng mabibigat na mineral tulad ng *mercury, arsenic* at tanso at iba pang mga nakakalasong sangkap mula sa mina.

Iniugnay din ang operasyon ng mina sa naganap na malalakas na lindol na yumanig sa mga rehiyon ng Cotabato at Davao noong nakaraang taon. Inilahad ng mga nakasaksi na ilang araw lamang bago ang lindol ay pinasabugan ng malaking bomba ang kaibuturan ng isang napakalalim na *drill pit* nito (tinatayang mahigit isang kilometro ang lalim) na pinaniniwalaang tumama sa pinakamakapal na bahagi ng deposito. Ginawa umano ang pambobomba para madurog ang malalaking bato at lumuwag ang lupang kinakapitan ng *ore*. Ang napakalakas na pagsabog ay maaring lumikha ng malalaking mga pinsala sa ilalim ng lupa na isa sa naging dahilan ng paggalaw ng mga bitak sa *fault zone*.

Natukoy din na ang katangian ng lupa sa lugar ay *weathered soils of pyroclastics origin, characteristically porous*, na ang ibig sabihin ay bulnerable ito sa pagguho. Kahit nasa proseso pa lamang sa paggalugad ng deposito ay litaw na ang pagkakasira ng kalupaan na likha ng paghuhukay gamit ang dambuhalang barena. Malalaking mga bato ang natatamaan ng makinang pambutas ng lupa na naging sanhi ng mga pinsala at

*"Panlilinlang...," sundan sa pahina 8*

# Anti-Terrorism Bill: Dagdag sa pasistang arsenal ni Duterte




Sinabayan ng protesta ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang pagdinig sa kongreso sa Anti-Terrorism Bill o ATB noong Marso 3. Tinalakay sa pagdinig ang tatlong panukalang naglalayong amyendahan ang Human Security Act (HSA) na ipinasa sa panahon ng rehimeng US-Arroyo noong 2007. Ang naturang pagdinig ay ginanap matapos ipasa ng Senado ang sariling panukala nito (Senate Bill No. 1083) na pamalit sa HSA. Ang naturang panukala ay pinakahuli sa mga pasistang pakana ni Rodrigo Duterte.

**Batas para sa terorismo ng estado, niraratsada**

Kabalintunaang binansagang "Anti-Terrorism" Bill ang panukalang batas na iniratsada ng Senado at puspusang inihahabol ng Mababang Kapulungan na maging batas. Sa halip na puntiryahin ang mga "terorista," palalawigin ang kapangyarihan ng estado para maghasik ng takot at pasismo.

Sa bersyon ng mababang kapulungan, susog ang ATB sa Human Security Act (HSA) na nakabalangkas sa estratehiya ng "global counterinsurgency" na ipinalalaganap ng US sa nagdaang dalawang dekada. Una nang pinadali ng HSA ang pagbabansag ng sinuman bilang "terorista" o kasapi ng isang "teroristang" organisasyon, alinsunod sa mga pamantayang itinakda ng US. Sa ilalim ng HSA, itinuturing nang "terorismo" ang ilang karumaldumal na krimen tulad ng walang-habas na pagpatay. "Terorismo" na rin ang paggulo sa sistemang pang-ekonomiko at panlipunan ng bansa, o pagdudulot ng malakihang pampublikong krisis sa seguridad.

Lalong pinalakas ng ATB ang HSA. Hindi na lamang ang paggawa ng mga aktibidad na lubhang nakapipinsala sa publiko ang tinatawag na "terorismo." Kahit ang mga aktibidad na "may layunin" o balak pa lamang ay maaari nang bansagang "terorismo." Kabilang sa mga ito ang pagpapanukala, pagpaplano, o pag-ahita sa mga tao. Kahit ang pakikipag-ugnayan sa itinuturing na terorista o teroristang organisasyon—ang pagpapatulong sa kanila, pagpapakain, at anupamang porma ng suporta—ay ituturing na ring "terorismo" ng panukalang batas. Kahit ang pagtulong at pagbigay ng donasyon sa panahon ng sakuna, itinuturing na ring terorismo kung ang organisasyong naglunsad ay hindi "state-recognized" o kinikilala ng estado.

Itinuturing din ng ATB na pagsuporta o pag-udyok sa paggawa ng teroristang atake ang paglalabas ng mga pahayag, *banner, poster,* o maging mga dibuho o guhit na nagpapakita sa rehimen bilang bulok at dapat pabagsakin. Posibleng maging ang pagbahagi ng mga kalatas, pahayag, o larawan—sa *internet* man o sa totoong buhay—ay maaaring ituring na porma ng pag-udyok sa "terorismo." Gayundin, anumang porma ng pag-uulat o pagbalita, kahit pa ng mga pinsalang hatid ng militar sa kanayunan bunsod ng pakikipaglaban sa Bagong Hukbong Bayan o iba pang rebeldeng grupo, o kahit pa ng tuwirang pag-atake lamang ng militar sa mga komunidad, ay maituturing nang pag-uudyok sa terorismo.

Sa ganitong sistema, maging mga lehitimong pulong, pagsasanay, at diskusyon ng masa hinggil sa mga isyu sa kanilang komunidad ay maaaring paratangang porma ng pagrekruta para sa paggawa ng terorismo. Kahit pa sinasabing may inilagay na pagtatangi sa mga protesta at welga bilang nananatiling ligal, madaling paratangang ang ganitong mga pagkilos ay naglalayong manggulo o makapinsala.

Pinapalawig din ng ATB ang bilang ng araw na maaaring ikulong ang isang suspek nang walang kaso hanggang 24 na araw, sapat na panahon para bumuo ng gawa-gawang kaso sa kanilang ikinulong. Ginagawa ring lehitimo ng panukalang batas ang walang patumanggang paniniktik—pakikinig sa mga tawag, pagbukas sa mga pribadong *e-mail* at *text message*, at pangingialam sa pribadong komunikasyon. Kasalukuyan na itong ginagawa ng mga galamay ng rehimen pero sa ilalim ng ATB, magiging ligal at lantaran na ang ganitong taktika. AB

---

*"Panlilinlang...," mula sa pahina 7*

pagguho ng lupa.

Ang pagpapatuloy ng Tampakan Copper-gold Project ay nagbabanta ng malawakang pagkakawasak ng kabundukan at pagkakalbo ng kagubatan. Sisirain din nito ang limang sistema ng mga ilog na kinabibilangan ng Alip, Altayan, Manteo, Mal at Padada. Ang mga ito ang mahalagang pinagkukunan ng tubig at kabuhayan ng daan-daang libong mamamayan sa 19 na mga lunsod sa paligid ng konsesyon. Matinding polusyon din sa hangin at tubig ang idudulot ng operasyon ng mina.

Pinangangambahan naman na malawakang kahirapan at gutom ang ibubunga ng operasyon ng mina dahil maraming magsasaka ang mawawalan ng lupa at kabuhayan. Mas lulubha rin ang kawalan ng trabaho dahil sa abanteng makinarya at teknolohiya na gagamitin sa malakihang pagmimina na hindi mangangailangan ng maraming manggagawa. AB

## Makatarungang kompensasyon, naipagtagumpay sa Honda Cars

Matapos ang isang linggong pagkampo at paggigiit ng halos 300 manggagawa at empleyado ng Honda Cars Philippines, Inc. (HCPI), matagumpay na naigiit ng mga manggagawa ang hinihingi nilang makatarungang kompensasyon sa pagsisante sa kanila.

Makatatanggap ng *separation pay* na katumbas sa 280% ng buwanang sahod ang lahat ng mga manggagawa ng HCPI. Dagdag ito sa P110,000 na matatanggap nila. Bukod pa rito ang ekstensyon ng kanilang *health insurance* sa kumpanya hanggang Disyembre 2020 at prayoridad na maging empleyado ng HCPI kung bumalik man ang operasyon nito sa Pilipinas.

Nagsimula ang laban ng mga manggagawa ng Honda noong Pebrero 22 matapos pataksil na isinara ng kumpanya ang planta nito sa Santa Rosa City, Laguna. Nag-oopereyt ang naturang pabrika sa loob ng engklabo ng Laguna Technopark, Inc. (LTI) mula pa 1992. Apektado ng pagsasara ang 387 empleyado ng HCPI, kabilang ang mahigit 300 manggagawa sa ilalim ng unyong Lakas Manggagawang Nagkakaisa sa Honda-OLALIA-KMU (LMNH-OLALIA-KMU).

Idinahilan ng Pangulo at General Manager ng HCPI na si Noriyuki Takakura ang pagsasara sa Marso ay bunga ng "pagbagal ng pandaigdigang ekonomya." Pero batid ng mga manggagawa na paraan lamang ito para buwagin ang kanilang unyon. Hindi inasahan ng mga manggagawa ng HCPI ang pagsasara ng kumpanya dahil sa pangako ng maneydsment noong Enero na walang magaganap na tanggalan bagamat bababa ang kota sa kanilang produksyon.

Katunayan, naghahanda na ang LMNH para sa pakikipagnegosasyon sa *collective bargaining agreement* (CBA) sa Agosto.

Sa araw na isinara ang pabrika, 10 *van* na may lulang mga gwardya at maton ang dumating sa pabrika at nagtayo ng barikada sa harap nito. Hinarangan nila ang mga tagasuporta at mga pamilyang nagtatanong sa kalagayan ng kumpanya sa tarangkahan ng engklabo. Nagpasya ang LMNH na magsagawa ng kampuhan sa pabrika hanggang hindi sila hinaharap ng kapitalista.

Iminungkahi ng kapitalistang Honda ang alok nitong *separation package* matapos ang apat na araw. Nilaman nito ang maksimum na 200% ng buwanang sahod kung nasa 60 taong gulang na pataas ang manggagawa. Samantala, ang mas batang mga manggagawa ay makakakuha, sa pinakamababa, ng 120% ng buwanang sahod.

Bagamat ipinagmamayabang ng HCPI na mas mataas kaysa itinakda sa batas ang *separation package*, hindi ito makatarungan sa manggagawa. Ayon kay Christopher Oliquino, bise-presidente ng LMNH-OLALIA-KMU, hindi sapat ang inisyal na *separation package* upang makapagsimula ulit." Lubha namang mababa ang iniaalok sa mga manggagawang relatibong baguhan.

Iginiit ng LMNH ang pagtaas at pagkakapantay-pantay ng porsyento ng *monthly pay* (buwanang sahod) upang makapagbigay ng hustisya sa mga manggagawa, at nagbunga sa positibong resulta. "Kung wala kaming unyon, siguradong tatanggapin na lamang namin ang maliit na alok mula sa kapitalista," ani Oliquino.

Nanindigan ang LMNH at ang Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK) na bunga pa rin ng tumitinding krisis sa ekonomya at pulitika sa bansa ang pagsasara ng Honda. Ayon sa mga manggagawa, kumita ng P17 bilyon ang HCPI noong 2019 habang P23 bilyon naman noong 2018.

"Sanhi ng neoliberal na kaayusan sa ating ekonomya at kultura, pati na rin ang atrasado nating industriya ang pag-asa ng milyunmilyong manggagawa sa mga dayuhang kumpanya para sa kanilang kabuhayan," ayon sa PAMANTIK-KMU. AB

## Barikada ng mga Aeta, ginipit; dating lider ng Partido, inaresto

SA CAPAS TARLAC, binatikos ng mga katutubong Aeta ang panibagong panggigipit ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA). Noong Marso 3, nanghimasok sa komunidad ng mga katutubo ang may 20 armadong tauhan ng BCDA kasama ng lokal na pulisya at pinagbantaan ang kanilang barikada. Bago nito ay nagsidatingan ang mga buldoser at *backhoe* ng Pancho Construction na kinontrata ng BCDA.

Ayon sa Asosasyon ng Katutubong Mahawang, laban sa pagpapalawak ng proyektong New Clark City ang kanilang barikada. Una nang napalayas ang 500 pamilyang Aeta dahil sa itinayong Sea Games Stadium sa katabing lugar.

Samantala, tinuligsa ng Karapatan ang iligal na pag-aresto kay Rodolfo Salas noong Pebrero 18, alas-5:50 ng umaga sa Angeles City, Pampanga. Si Salas ay kilalang organisador ng mga magsasaka at kooperatiba na kabilang sa 25 indibidwal na sinampahan ng gawa-gawang mga kaso ng pagpatay sa Leyte. Notoryus ang kasong ito bilang "mga naglalakbay na kalansay" dahil inililipat ang mga kalansay sa iba't ibang lugar sa Leyte at ginagamit na ebidensya laban sa naturang mga akusado. AB